# 8 MGA MUNGKAHI

# Maaari mo na ngayong gawin para makapaghanda sa pagbaha

## 1 ALAMIN ANG IYONG PELIGRO



## 2 MAUNAWAAN KUNG SAAN PUPUNTA



## 3 ALAMIN KUNG SINO ANG TATAWAGAN




## 4 IBAHAGI ANG IYONG PLANO



## 5 MAGHANDA NG PANGUNAHING EMERGENCY KIT




## 6 ALAMIN KUNG KAILAN KIKILOS



## 7 SURIIN ANG IYONG SEGURO




## 8 MAKINIG SA INYONG LOKAL NA ISTASYON NG RADYO ABC



SES
NSW STATE EMERGENCY SERVICE

Filipino

# Mga kilos na gagawin upang makapaghanda sa pagbaha

## 1. Alamin ang iyong peligro

- Ang mga pagbaha ay hindi ligtas at maaaring magdulot ng kamatayan
- Maaaring maputol ng mga pagbaha ang mga linya ng telepono, tubig, elektrisidad, dumi sa alkantarilya at gas
- Alamin sa konseho ang kasaysayan ng pagbaha sa inyong lugar at gaano kataas ang mga ito
- Kausapin ang mga taong matagal nang naninirahan sa lugar tungkol sa peligro ng pagbaha sa inyong lugar
- Alamin ang mga palatandaan ng pagbaha tulad ng malakas na pag-ulan at pag-agos o pagtaas ng tubig
- Suriin ang website ng NSW SES www.ses.nsw.gov.au para sa karagdagang impormasyon

## 2. Maunawaan kung saan pupunta

- Huwag magmaneho, sumakay o maglakad sa tubig-baha. Maghanap ng mas ligtas na daan
- Makipag-usap sa mga kaibigan o kamag-anak sa labas ng mga lugar na may baha kung maaari kang makituloy sa kanilang lugar
- Isaalang-alang ang pinakaligtas na paraan sa paglalakbay kung kailangan mong lumikas

## 3. Alamin kung sino ang tatawagan

- Magtabi ng listahan ng mga pang-emerhensyang numero sa iyong telepono o sa malapit
- Para sa pang-emerhensyang tulong sa pagbaha o bagyo tumawag sa NSW SES sa 132 500
- Sa mga emerhensya na nagbabanta sa buhay, tumawag sa 000 (triple zero)

## 4. Ibahagi ang iyong plano

- Magplano para sa pagbaha kasama ang iyong pamilya at mga kapitbahay
- Kung mayroon kang negosyo, magplano para sa pagbaha kasama ang iyong mga kapitbahay sa negosyo
- Sanayin nang regular ang iyong plano

## 5. Maghanda ng isang pangunahing emergency kit

- Maghanda ng emergency kit na may mabibitbit na de-bateryang radyo, flashlight, ekstrang mga baterya, first aid kit, mga kandila, mga posporong waterproof, mahahalagang papeles, mga plano sa emerhensya, mga numero ng contact sa emerhensya at isang bag na waterproof
- Itabi ang iyong kit sa madaling makukuhang lugar

## 6. Alamin kung kailan kikilos

- Subaybayan ang taya ng panahon - Ang mga Pagsipat at Babala sa Pagbaha ay ipinalalabas ng Bureau of Meteorology www.bom.gov.au/nsw/warnings
- Sundin ang mga Kautusan sa Paglikas – ang hindi pagsunod ay maglalagay sa iyo at sa iyong pamilya sa panganib

## 7. Suriin ang iyong seguro

- Kung mayroon kang seguro, tingnan kung ito ay pangkasalukuyan at angkop sa iyong sitwasyon at panganib

## 8. Makinig sa inyong lokal na istasyon ng radyo ABC

- Sa emerhensya, ang lokal na istasyon ng radyo Australian Broadcast Corporation (ABC) ay nagbabalita ng mga babalang pang-emerhensya, nagbibigay ng impormasyon at mga pag-update
- Tiyaking mayroon kang de-bateryang radyo

SES NSW STATE EMERGENCY SERVICE
(SERBISYONG PANG-EMERHENSYA SA ESTADO NG NSW)

Principal Partner NRMA INSURANCE

**PARA SA TULONG PANG-EMERHENSYA SA PAGBAHA AT BAGYO, TUMAWAG SA**

**132 500**

Sa mga emerhensya na nagbabanta sa buhay, tumawag sa 000 (triple zero)

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.ses.nsw.gov.au**

#NSWSES /NSWSES /NSWSES